

In Tokhang, We Trust

CHINA PEARL PATRIA M. DE VERA

Kanina pa siya naghihintay sa mag-aabot ng tisang pangkulay. Kung saan nila kukunin, hindi niya alam. Sigurado lang siya na kailangang guhitan ang pader sa barracks ng mga bata. Matagal na ring nakatitig sa kanya ang pader, mas tumatalas ang titig kapag naririnig niya ang hikbi ng mga batang nagugutom sa madaling araw o atungal naman kapag naaalala nilang hindi nila kasama ang kanilang mga magulang. Ilang gabi na rin siyang kinukutkot nitong pag-aalala dahil hindi lalapas sa isang buwan, siguradong mababawasan ang laman ng barracks—kalahati siguro. Iniiisip ni Diwa na bago mangyari ‘yon, madurog sana ang bubong na bricks at matibag ang mga pader sa barracks; papalayain niya ang mga bata at makakatingala na sila sa asul na langit.

Pangalan	Profile
Diwa	<ul style="list-style-type: none">-17 years old-mula sa upper middle class na pamilya-panggitna sa apat na magkakapatid. Inaalagaan ang dalawa pang nakababatang kapatid-blue code

Wala pang ilang buwan ang bagong pangulong si Dakila, tiniyak niyang maipapatupad na ang proyektong tinawag na Ambisyon Adik Free Country. Sinimulan sa pagbibigay ng mga code sa mga tao batay sa kanilang predisposition na maging adik sa drugs at/o ang kanilang exposure rito. Yellow code ang nakuha ni Diwa.

CODE	Interpretation
Blue Code	100% na walang posibilidad sa kanyang life time na maging adik o tulak ng drugs
Yellow Code	May 50% na posibilidad na maging adik o tulak ng drugs. Minsang nakagamit o na-expose sa drugs Pwedeng dumaan sa “transition phase” pero case to case basis Mananatili sila sa mga barracks
Red Code	70-100% na posibleng maging adik sa kanyang lifetime. Higit sa isa o dalawang beses na nakagamit at/o na-expose sa drugs Agad na dadalhin sa termination site

Nagsimula sa pagtatayo ng mga *cleansing machine* na may dalawang pintuang may dalawang malalaking bumbilya. Magbabago ang kulay ng bumbilya pagkatapos ma-scan ang tao sa loob ng *cleansing machine*. Sa unang pinto, nakaplasta ang *In Tokhang* at sa ikalawa naman, *We Trust*. Bago pumasok sa unang pinto, kailangang sabihin ng tao ang nakaplasta sa unang pinto. Automatic na mag-aactivate ang *cleansing machine* kapag narinig ang *In Tokhang*. Pagkatapos lumabas, kailangan niya ring sabihin ang nakaplasta sa ikalawang pinto at automatic na lalabas ang resulta. Ayon sa New Cleansing Doctrine, kailangang magtayo ng lima hanggang sa sampung *cleansing machine* kada Munisipyo. Kailangang ipatupad ng mga Alagad Ni Dakila ang proseso ng cleansing. Napili sila batay sa kanilang pagiging tapat na tagasunod kay Dakila bago pa man siya maging pangulo ng bansa. Tapat nilang tinataguyod ang proyektong Ambisyon Adik Free Country.

Pasimpleng inabot sa kanya ang dalawang tisa, kasama ang dalawang kamote na nirarasyon. Alam ng mga utusan sa Makati kung saan hahanap ng mga ganitong bagay. Makati ang tawag sa tambakan ng mga bag at gamit ng mga Red Code bago sila i-exterminate. Dito rin dinadala ang mga gamit ng mga Yellow Code, dahilan ng mga Alagad Ni Dakila, hindi nila kailangan sa barracks ang mga gamit nila. May ibibigay sa kanilang bago, para na rin masiguradong malinis nilang sisimulan ang kanilang rehabilitation. Pero pagdating sa barracks, madudungis na damit at sapatos ang ipinapasuot sa kanila.

Pinaplano na niyang simulang guhitan ng eskwelahan at palaruan ang isang pader. Maglalagay siya ng kaunting puno sa paligid na pagmumukhain niyang masaya, hindi tulad ng mga natatanaw niya mula sa barracks nila. Tumatakas ang buhay sa mga nangangayayat na sanga, nanlulutong ang mangilan-

ngilang dahon at natutuklap sa pagkatuyot ang balat ng puno. Maglalagay siya ng naglalakad na teacher na papunta sa eskwelahan. Hindi siya maalam nang husto sa pagguhit ng tao. Nahihirapan sa pagbibigay kurba sa braso, binti at minsan pati ang mga mata. Sa pribadong eskwelahan siya nag-aral, nakatutok sa pag-aaral sa siyensya. Nakahiligan niya ang panonood ng mga pelikula. Gusto niyang matutong magpinta pero walang oras para rito, paalala lagi sa kanya ng Tatay niyang negosyante, mag-aral kaysa gumuhit-guhit sa papel. Masasayang lang daw ang oras niya kung ito ang aatupagin niya. Sa umaga lang sila nagkikita ng Tatay niya, tuwing almusal. Nag-aalmusal din sila nung pinaalala ng Tatay niyang luluwas sila papuntang Munisipyo para sumunod sa utos ni Dakila. Pupunta sila sa Munisipyo para ma-scan ng *cleansing machine*, ilang beses inulit ng mga magulang niya na hindi sila magiging Red Code o Yellow Code, walang posibilidad. Paano sila mapupunta sa Red Code o Yellow Code kung may negosyo sila ng mga school supplies at kapihan. Sigurado ang kabuhayan kahit magretiro sa pagtuturo sa Catholic school ang Nanay niya.

Pagdating nila sa Munisipyo, pinapila. Isa lang ang pila para sa lahat. Habang nakapila hindi niya na naiwasang batiin ang mga nakita niyang kakilala. Nandoon ang kanilang kapitbahay na may tatlong palapag na bahay, ang kaibigan ng kapatid na may magandang bisikleta, si Manang ang pinakamatanda nilang tauhan sa kapihan at lolo ng kaklase niya. Halos dalawang oras silang naghintay. Mabuti na lang nagbaon sila ng meryenda, niyaya pa niyang kumuha ng sandwich ang ilang mga kakilala pero lahat sila ay tumanggi. Iniisip niya na pwedeng busog pa sila o kaya naman nawala na ang gana sa pagkain dahil sa kaba. Walang kinakabahan sa pamilya ni Diwa dahil walang posibilidad na maging Red Code o Yellow Code sila.

Nauna sa pila ang Nanay niya, sumunod ang dalawang nakababatang kapatid; nasa likod niya ang panganay na kapatid at ang Tatay nila.

Tao	Code
Nanay	Red Code
Nakababatang kapatid 1	Red Code
Nakababatang kapatid 2	Red Code
Diwa	Yellow code
Pangay na kapatid	Blue code
Tatay	Yellow Code

Hindi siya makagalaw sa pagpula ng *cleansing machine*, magkakasunod na pula. Napisigaw ang Tatay niya sa pagkaladkad agad sa Nanay niya pasakay sa isang trak. Hindi makapalag dahil nakatutok ang mga baril ng Alagad Ni Dakila sa kanila, ang isa ay nakatutok sa ulo ng Tatay niya. Walang umiimik sa pila. Tiningnan niya ang reaksyon ng mga kakilala sa pila, nakayuko lang silang lahat. Naririnig niya lang ang atungal ng panganay niyang kapatid. Pasigaw niyang sinabi sa unang pinto ng *cleansing machine*, *In Tokhang*. Napatigil sa

pag-atungal ang panganay niyang kapatid. *We trust*, nag-aalangan niyang sinabi pagkalabas sa ikalawang pinto, dumilaw ang mga bumbilya. Pinasakay siya sa dilaw na trak papuntang barracks. Hihinto at yayakapin pa sana niya ang Tatay pero binulyawan at kinasahan siya ng barrel ng Alagad Ni Dakila. Sa Munisipyo, huling beses nakumpleto ang pamilya ni Diwa.

Nilapitan siya ng dalawang bata, nakatanghod sa pader na kinukulayan na niya ngayon. Maputla ang mga kulay sa pader, komento ng ilang mga bata. Komento naman nung isa, malaki masyado ang ilong ng teacher sa pader. Nagtawanan ang mga batang humpak ang mga pisngi at malamlam ang mga mata. Hinigop ang aliwalas sa kanilang mga mukha.

Nabawi ang kaunting sungit na naramdaman niya nung marinig niya ang hagalpak ng mga bata. Muntik niya nang makalimutan ang tunog ng tawa.

Enero 2041

Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo
		1	2 X	3	4	5
6	7	8	9	10	11	12
13	14	15	16	17	18	19
20	21	22	23	24	25	26
27	28	29	30	31		

Ilang araw na lang mababawasan na naman ang mga bata sa barracks. Magkakasunod na tatlong araw kada buwan, nagbabawas sila para may mapaglalagyan sila sa mga bagong Yellow Code. Inaaral niya ang pattern sa barracks nila—ilang bata kada buwan. Minsan napapaisip siya, para saan ang pag-alam, wala naman siyang magagawa. Magkalahating taon na rin siya rito pero hindi siya naisasama sa mga binabawas. Siya kasi ang naging *official caretaker* ng mga bata sa barracks. Sa totoo, hindi naman niya naalagaan ang mga bata at hindi rin siya pinapayagang alagaan sila. Taga bilang lang siya tuwing umaga at gabi; 80 na bata na nagsisiksikan sa isang kuwartong pangtatlumpong katao.

Sigurado siyang maisasama na siya sa ibabawas na tao sa barracks, masyado na siyang matagal sa *transition phase* at ang pakinabang sa kanya ay limitado lang sa pagiging *official caretaker* sa barracks ng mga bata, yung iba nagluluto at nagkakarapintero—anong alam niya sa mga ganoong gawain. Sinigurado ng magulang niya na mag-aaral lang siya. Minsan niyang nakita sa kabilang barracks ang dati niyang teacher pero mukhang hindi na nakakakilala, kahit nagkatitigan sila, hindi umimik ang Biology teacher, wala kahit bating kilay o ngiti. Noong mga unang araw niya sa barracks, ganoon din siya, hindi namamansin at parang nawawala. Sa unang buwan, humahagulgol siya sa tuwing nagbabawas sila ng bata sa barracks. Sa ikalawang buwan, sinubukan niyang magwala at pigilan ang mga Alagad Ni Dakila sa pagkuha sa mga bata. Isang suntok lang sa kanyang tiyan, napatahimik na siya. Binalaan siya ng iba pang *official caretaker*, kung gusto niyang magtagal sa barracks at hindi mapasama sa mga ibinabawas, araling tumahimik at yumuko.

Dinadala ang mga buto ng mga bata sa pagawaan ng mga semento, mas napatitibay ang itinatayong gusali o tulay kapag hinahalo ang mga buto sa bloke-bloke ng semento. Maraming negosyante ang nagkukumahog para makabili ng mga semento dahil hindi sila napapagastos sa maintenance ng mga pinapagawa nilang building. Naipakete sa proyektong Ambisyon Adik Free Country ang ganitong transaksyon sa pagitan ng pamamahala ni Dakila at ng mga negosyante ng mga construction firm.

Mabilis maging buto ang katawan ng bata, kakaunting laman lang ang kailangang matanggal hindi gaya sa mga matatanda na mas matagal ang proseso sa pagkuha sa buto. Buto ang natitira pagkatapos nilang ipasok sa *death machine*. May malaking pakinabang ang mga Yellow Code kung ganito ang gagawin sa kanila. Kapag dumarami ang demand sa mga Economic Zone para sa mga bagong building, hindi lang sa Red Code mabilis ang termination process, nagbabawas din sa mga barracks. May mga buwan na dalawang beses na nagbabawas ng tao, sa ikalawang linggo at sa huling linggo. Nakatutulong din sa pagbawas ng problema sa espayo sa barracks dahil lagi't laging may mga bagong dumarating. Katulad sa mga kulungan ng mga kriminal, nakatayo na sa pagtulog at nagkakahawaan na sa sakit. Noong nakaraan lang, halos isang buong barracks ang namatay dahil sa tuberculosis. Iniiwasan ng mga Alagad Ni Dakila ang mga ganitong insidente dahil agad nababawasan ng mga libheng lakas paggawa at nagiging komplikado ang pagsunog sa kanilang katawan. Tinatangihan kasi kapag nalalaman ng mga negosyante ng construction firms na hindi galing sa malusog na katawan ang mga buto. Kaya kapag nalalaman ng mga Alagad Ni Dakila na may outbreak, pinapalaklak o pinagtuturuan ng mga gamot ang mga Yellow Code.

Kalahati ang mababawas sa barracks, alam ni Diwa na isa sa mga batang nanonood sa pagguhit niya ang kukunin. Isa sa mga nakangiti ang mawawala pagkatapos ang labing dalawang araw. Patapos na siya sa katapat na pader, pinili niyang iguhit ang mga batang naglalakad na nakangiti. May hawak na bandilang may salitang Kalayaan, hindi agad makikita kung hindi tititigan. Isang araw ring pinagkakaguluhan ng mga bata ang mala-mural niyang natapos sa barracks. Sila lang ang nakakaalam sa ginawa ni Diwa. Sa sumunod na araw, bumisita ang ilang Alagad Ni Dakila. Mabilis na tinuro si Diwa. Sabi ng mga Alagad Ni Dakila, siya raw ang magpapasimuno sa pagtakas ng mga bata sa barracks. Nakita nila ang salitang Kalayaan sa bandila.

Dalawa lang ang pagpipilian niya, tatakas siya o *death machine*. Medyo huli na para makatakas, tinalian siya ng mga Alagad Ni Dakila pagkatapos nilang makita ang salita sa pader. Dineretso siya sa *death machine*, hindi na siya kailangang imbestigahan may hinahabol na quota para sa construction sa bagong Economic Zone.

Buwan	Target Quota
Disyembre 2040	1,000
Enero 2041	2,000
Pebrero 2041	3,000

Nagkasalubong sila ng Tatay niya malapit sa pinto ng makina. Akala niya nung una, kamukha lang ng Tatay niya, naisip niyang baka matagal na ring naipasok sa *death machine* ang Tatay pero nung nakita niyang pigil na 'to sa pag-iyak, napayuko na lang siya at pinigilan ang sariling magsalita. Karamihan ng mga tagakuha ng buto sa *death machine* ay mga mismong Yellow Code na mga matatandang relatibong may mukhang malakas na pangangatawan. Ang mga Alagad Ni Dakila, para makapagpahinga at magkaroon pa ng oras sa pakikisalamuha sa mga taong Blue Code, ibinibigay sa mga espesyal na Yellow Code ang gawaing ito. Wala silang pagpipilian kundi gawin ang ganitong trabaho, mas napapatagal ang pamamalagi nila sa "transition phase" dahil sa ganitong espesyal na gawain.

Pamilyar kay Diwa ang ganitong gawain, napanood niya na 'to sa pelikula sa panahon ng Holocaust, Sonderkommando ang tawag sa kanila noon. Ngayon, ginagamit uli ang ganitong pamamaraan. Silang mga dapat na ilagay sa *death machine* ay pananatilihing buhay kapalit naman ang pagtatrabaho nila para sa mga Alagad Ni Dakila. Sa ilang pelikulang napanood niya, sinubukang iligtas nung tauhang tatay ang kanyang anak. May pwedeng gawin ang Tatay niya para maitakas siya sa *death machine* tulad nung ginawa sa pelikula. Pwede siyang magpanggap na patay at itago na lang kung saan.

Nasa huling linggo na, kailangang may habuling quota ang bawat Yellow Code na nagtatrabaho sa *death machine*. Kada buwan, may target silang bilang ng mga taong dapat ipasok sa makina, kung hindi nila maabot ang quota dahil mabagal o lalampa-lampa silang kumilos, makakasama ang kanilang mga buto sa mailalabas ng makina. May isang Alagad Ni Dakila ang nagbabantay sa kanilang output kada buwan, siya na rin ang bumabari sa hindi makakaabot sa target quota, para sa Ambisyon Adik Free Country. Dahil matanda na at hindi kasing liksi ng iba pang kasamahan na Yellow Code, nahuhuli sa bilang ang Tatay ni Diwa, kaya inaabot sa kanya ng ilang kasamahan ang ilang biglaang nahuhuli at kailangang ipasok sa *death machine*.

Inabot si Diwa sa kanyang Tatay. Napapikit na lang ang Tatay niya at mabilis na nagbago ang mukha nito. Nagmapa ang magkahalong takot at lungkot, noon lang niya nakita ang ganoong mukha ng Tatay. Hindi karaniwan ang pagpapakita ng emosyon ng Tatay niya. Pagkatapos ng ilang minuto, bumulyaw na ang Alagad Ni Dakila at sabay kinasang baril na hawak. Mabilis ding nagbago ang mukha ng Tatay niya. Hinanap ni Diwa ang karaniwang titig ng Tatay sa kanya at ang kaninang ekspresyon sa mukha. Sa pagbulyaw ng Alagad Ni Dakila, kumaripas na tumakas ang kaninang napansin niyang pag-aalala ng Tatay niya. Ilang beses na rin siyang sumigaw para magpakilala, para gisingin ang Tatay niya.

Binuksan ang pinto ng makina na may nakapaskil na *In Tokhang, We Trust*, dumilim ang langit ni Diwa.